Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao
Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
(Department of Developmental Services)
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov

NANCY BARGMANN
DIREKTOR

GAVIN NEWSOM
GOBERNADOR

Disyembre 1, 2023

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: HOME AND COMMUNITY-BASED SERVICES (HCBS, MGA SERBISYONG NAKABASE SA TAHANAN AT KOMUNIDAD) PINAL NA PATAKARAN: PAGSUBAYBAY AT PAGWAWASTO NA PAGKILOS

Pinapalitan nito ang direktiba noong Nobyembre 22, 2023 hinggil sa paksang ito.

Alinsunod sa Welfare and Institutions Code Seksyon 4685.10, inilalabas ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Kagawaran) ang direktibang ito upang suportahan ang mga regional center para lubusang maipatupad ang mga pederal na kinakailangan para sa mga setting ng HCBS. Ang layunin ng direktibang ito ay: a) magtatag ng timeline ng pagsubaybay para sa pagkumpleto ng mga kinakailangang on-site na pagsusuri upang kumpirmahin na ang lahat ng setting ng HCBS ay may mga tumatalimang patakaran at ang pagpapatupad ng mga patakarang iyon ay naisasakatuparan sa pamamagitan ng mga kasanayan ng setting alinsunod sa mga kinakailangang setting ng HCBS, at b) balangkasin ang mga hakbang para matugunan ang mga naaprubahang vendor na tagapagkaloob ng serbisyo na napag-alamang hindi sumusunod.

Pagsubaybay
Dapat kumpletuhin ng mga regional center ang on-site na pagsusuri ng lahat ng setting ng HCBS (Kalakip) upang beripikahin ang kanilang ganap na pagsunod at pagpapatupad ng mga kinakailangang setting ng HCBS bago ang Agosto 31, 2024. Sa panahon ng on-site na pagsusuri, dapat beripikahin ng mga regional center na ang lahat ng nauugnay na pederal na kinakailangan ay natutugunan. Ang pagsasanay at impormasyon, kabilang ang mga naunang tool sa pagtatasa, ay makikita sa https://www.dds.ca.gov/initiatives/cms-hcbs-regulations/assessment-information/. Kung pipiliin ng regional center na gumamit ng ibang tool, ang tool na iyon ay ipo-post sa website ng regional center at magbibigay ng pagsasanay para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo upang maunawaan kung ano ang aasahan sa panahon ng pagbisita.

Dapat makipagtulungan ang mga regional center sa mga tagapagkaloob ng serbisyo upang pagsikapang agad na bigyang-lunas ang anumang natuklasan sa panahon ng pagbisita para sa pagsubaybay tulad ng paghingi ng opinyon mula sa mga pinaglingkurang indibidwal tungkol sa kung paano maitatama ang mga bahaging hindi tumatalima, pagkumpleto ng pagsasanay at/o pagsasanay ng mga tauhan hinggil sa mga pederal na kinakailangan at pagpaplano ng serbisyong nakasentro sa tao, o pag-update ng anumang sumasalungat na dokumentasyon para suportahan ang ganap na pagpapatupad ng mga pederal na kinakailangan.

Pagwawasto na Pagkilos
Kung ang mga pagbibigay-lunas sa panahon ng pagbisita para sa pagsubaybay ay humantong pa rin sa di-pagsunod ng isang napag-alamang tagapagkaloob sa alinman sa mga pederal na kinakailangan ng HCBS, ang karagdagang mga pagbibigay-lunas ay iaayon sa mga umiiral na proseso ng Corrective Action Plan (CAP) na ginagamit sa Kodigo ng mga Regulasyon ng California (California Code of Regulations), Titulo 17 seksyon 56056 para sa mga residensiyal na pasilidad, na kinabibilangan ng probisyon hinggil sa mga karapatan ng vendor para mag-apela. Dahil dito, dapat makipagtulungan ang regional center sa tagapagkaloob upang bumuo at magsumite ng nakasulat na CAP sa loob ng 10 araw ng trabaho hinggil sa anumang (mga) natuklasan. Tutugunan ng CAP ang mga hakbang na dapat gawin ng tagapagkaloob upang bigyang-lunas ang anumang natuklasang hindi pagsunod. Ilalarawan ang lahat ng sumusunod sa nakasulat na CAP:

(1) Ang (mga) pederal na kinakailangan kung saan ang hindi pagtalima ay natukoy at nagbibigay ng impormasyon sa tagapagkaloob ng serbisyo hinggil sa karapatang iapela ang mga natuklasan pati na rin ang mga posibleng parusa na ipatutupad kung ang tagapagkaloob ay hindi sumunod sa CAP.

(2) Ang (mga) paraan para bigyang-lunas ng tagapagkaloob ng serbisyo ang (mga) natuklasan, kabilang ang pagsusuri at pagtalakay kasama ng mga indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo sa lugar.

(3) Ang timeframe kung kailan dapat bigyang-lunas ng tagapagkaloob ng serbisyo ang (mga) natuklasan, na hindi lalampas sa 30 araw mula sa petsa na inilabas ang nakasulat na CAP, maliban kung matukoy ng regional center at tagapagkaloob ng serbisyo na kailangan ng karagdagang oras para sa pagbibigay-lunas.

Dapat ibalik ng tagapagkaloob ang pinirmahan at may petsang CAP sa regional center sa loob ng pitong araw mula nang matanggap ito, na nakasulat ang anumang tinututulang bahagi. Ang regional center na naglalabas ng CAP ay dapat magbigay ng kopya ng pinirmahang CAP sa tagapagkaloob at sa iba pang regional center na may mga indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo sa lugar. Dapat ilabas ng mga regional center ang lahat ng CAP nang hindi lalampas sa Setyembre 30, 2024.

Mga parusa
Kung hindi nakumpleto ng isang tagapagkaloob ang mga pagkilos na nakalista sa kanilang CAP sa loob ng natukoy na timeframe, at hindi naghain ng apela, dapat isagawa ng regional center ang mga sumusunod na parusa nang paunti-unti:

(1) Magkaroon ng agarang moratoryo sa mga referral at awtorisasyon para sa mga bagong referral para sa serbisyong ibinigay ng isang vendor na nabigong makumpleto ang kinakailangang pagwawasto na pagkilos.

(2) Makipagpulong sa bawat indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo sa lugar, o sa awtorisadong kinatawan ng indibidwal, upang talakayin ang sitwasyon at mag-alok ng mga alternatibong opsyon kung hindi magbigay ng lunas ang tagapagkaloob. Ang mga pinaglingkurang indibidwal, o kanilang awtorisadong kinatawan, ay maaaring piliing makipagpulong sa regional center sa pamamagitan ng remote na teknolohiya.

Kung nananatiling hindi tumatalima ang tagapagkaloob pagkatapos gawin ang mga hakbang sa itaas, magpapatupad ang regional center ng 50% pansamantalang pagbinbin ng bayad para sa mga serbisyong ibinigay. Ang pansamantalang pagbinbin ng bayad na ito ay mananatiling may bisa hanggang sa mapatunayan ng regional center na tumalima ang tagapagkaloob sa CAP, na sa panahong iyon anumang nakabinbing pondo ay ibibigay sa tagapagkaloob. Ang pansamantalang pagbinbin ng bayad ay hindi maaaring lumampas ng apat na buwan nang hindi isinasagawa alinsabay ng regional center ang pagwawakas ng vendorization kapag patuloy ang hindi pagtalima sa CAP ng isang tagapagkaloob.

Dapat ireport ng mga regional center sa Kagawaran ang isang listahan ng mga tagapagkaloob kung saan ang regional center ay a) nagpapatupad ng pansamantalang pagbinbin ng bayad, at/o b) nagsasagawa ng pagwawakas ng vendorization. Ang abiso tungkol dito ay ipadadala mula sa regional center na naglalabas ng CAP patungo sa Kagawaran sa hcbsregs@dds.ca.gov, sa loob ng 10 araw ng naturang parusa. Dapat ding abisuhan ng mga regional center ang sinumang tagapagkaloob na naapektuhan ng pansamantalang pagbinbin ng bayad o anumang aksyon tungo sa pagwawakas ng vendorization nang maaga at dapat kasama ang petsa kung kailan ipatutupad ang alinmang aksyon.

Mga Pag-apela ng Tagapagkaloob
Kung hindi sumasang-ayon ang isang tagapagkaloob sa pagpapasya ng isang regional center na hindi sila ganap na sumusunod sa mga pederal na kinakailangan ng HCBS, maaaring sumulat para mag-apela ang tagapagkaloob sa direktor ng vendoring ng regional center sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang nakasulat na abiso ng regional center hinggil sa pagpapasya tungkol sa hindi pagtalima. Ang mga pag-apela ng tagapagkaloob para sa pagtalima sa HCBS ay alinsunod sa parehong proseso tulad ng nakasaad saCalifornia Code of Regulations, Titulo 17 seksyon 54380 et seq.

Magkakaroon na ng mga alituntunin para sa mga regional center na nag-uulat sa Kagawaran ng mga aktibidad sa pagsubaybay at datos sa pagtalima.

Kung isa kang indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo mula sa regional center at may mga katanungan tungkol sa sulat na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong service coordinator. Kung isa kang regional center at may mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa hcbsregs@dds.ca.gov. Maaaring makipag-ugnayan sa Kagawaran ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa pamamagitan ng telepono sa 1 (833) 396-4337.

Taos-puso,

Ang Orihinal na Kopya ay Pinirmahan ni:

VICKI L. SMITH, Ph.D.
Deputy Director
Policy and Program Development Division

Kalakip

cc: Tingnan sa susunod na pahina.

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Mga Tagasuri ng Programang HCBS ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Brian Winfield, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Suzy Requarth, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Susan Crow, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad

Kalakip

Mga Setting ng mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad (Home and Community-Based Services)

- Residensyal na Pasilidad para sa Nasa Hustong Gulang
- Mga Residensyal na Pasilidad para sa mga Nasa Hustong Gulang na may mga Espesyal na Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan: Lisensyadong Espesyalisadong Residensyal na Pasilidad ng DSS
- Sertipikadong Pampamilyang Tahanan; Pampamilyang Foster na Tahanan
- Day Care na Pasilidad para sa Bata; Day Care Center para sa Bata
- Residensyal na Pasilidad para sa mga Bata; Panggrupong Tahanan; Pampamilyang Foster na Tahanan; Tahanan para sa Maliit na Pamilya
- Mga Pang-umagang Serbisyo (Sentro ng Aktibidad, Day Care na Pasilidad para sa Nasa Hustong Gulang, Sentro para sa Pag-unlad ng mga Nasa Hustong Gulang, Programa sa Pamamahala ng Pag-uugali, Programa ng Pagsasanay sa Pakikisalamuha ng Tagapagkaloob ng Pagsasanay na Nakabase sa Komunidad; Pagsasanay sa Pagiging Bahagi ng Komunidad; Mga Serbisyong Sumusuporta sa mga Aktibidad na Pangkomunidad)
- Enhanced Behavioral Support Homes (EBSH) at Community Crisis Homes (CCH)
- Pampamilyang Ahensyang Pantahanan: Pampamilyang Tahanan para sa Nasa Hustong Gulang/Pampamilyang Tahanan ng Pagtuturo
- Residensyal na Pasilidad ng Pangangalaga para sa mga Matatanda
- Suportadong Programa sa Trabaho (Mga Serbisyong Panggrupo)
- Programa ng Aktibidad sa Trabaho